**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**
**REFERENCE: DIRECTOR CECILIA M. SUERTE FELIPE**

# BBM PODCAST

## EPISODE 2 (PART 3)

## POWER, SAN JUANICO, TRANSPORT

[20 June 2025]

**MS. CHERYL COSIM:** Puntahan ko po ‘yung huli niyo, ‘yung pinaka-recent niyo na po na biyahe, pag-iikot sa bansa, Siquijor.

Nagawa po namin ang istoryang ‘yan at talagang nagrereklamo ‘yung mga kababayan natin doon na hindi lamang apekto ‘yung pang-araw-araw nilang pamumuhay, maging ‘yung tourism.

So, kuryente po talaga, napaka-unstable pa rin ng kuryente at ilang lugar sa Visayas. Maging ang pagdating po sa Luzon naman, tubig and ito pong problemang ito ay konektado sa mga private sector providers.

Ano po ang inyong utos, ang inyong bilin na paano aayusin ito?

**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** I’ve always approached ito ‘yung mga problemang ganito, mayroon lang ako laging in my head na sinasabi, ang una mong reaksyon: Fix the problem, not the blame.

Kasi nga sabi, “Sinong dapat mananagot diyan? Sinong ganyan?” “O sige, sige, that will…” Pero ayusin muna natin ‘yung problema.

And the way we fixed the problem, we brought two generators from Palawan. They are now in Siquijor. They’re already functioning. Maayos na.

We even had to provide the fuel. In-advance pa ng gobyerno ‘yung fuel dahil hindi naman kami dapat ang gagastos diyan eh. Ang mahalaga rito, hindi mo pinaparusahan ‘yung tao.

So, kahit na kung sino ang nagkamali, hindi ‘yan ang priority natin. Ang priority natin makapag-deliver ng kuryente sa bawat bahay. And that’s what we did.

**MS. COSIM:** Kung hindi po nakaka-deliver ang SIPCOR ay nandoon ba ‘yung posibilidad na pag-review kung itutuloy pa ito or kailangan ho ba dapat iba?

**PRESIDENT MARCOS:** Nire-review na namin. Nire-review na namin. Pero kung… Alam mo like any contract, kung non-compliant ka, that breaks the contract.

**MS. COSIM:** Puntahan ko po ano naman, San Juanico Bridge. Isa rin 'yan. Talagang maraming dumadaing. Naapektuhan po 'yung kanilang biyahe 'di ba? At even their economy, pagtaas ng presyo.

Ano po ba ang ano niyo – ang talagang inyong utos na paano ba natin pabibilisin ito para maayos kaagad ang rehabilitation ng San Juanico Bridge?

**PRESIDENT MARCOS:** Ang naging problema, ang tumatawid mula Samar and Leyte, Leyte-Samar bawat araw is 1,400 na truck. Kaya't 'yun ang kailangan nating bigyan ng paraan na makatawid pa rin. Because like you say, it's affecting everyone, it's a supply [unclear].

Hanggang Mindanao nagrereklamo ang tao. Kasi 'yung mga fast food chains, 'yung mga supply nila hindi makakarating. Laging delayed, nauubusan sila ng gamit, nauubusan sila ng supply. Three to five days silang naghihintay. Wala silang kinakainan. Wala silang tinutulugan.

There was this lady who was in charge of the delivery of gulay, sabi niya, "Wala na, 'yung patatas namin tumubo na. Ganoon katagal kami naghintay." 'Yung iba nasira na.

So, we made a system, put a system in place. It will be implemented by the Coast Guard na ang perishables have priority para hindi masira naman 'yung produkto.

Ang San Juanico Bridge, lahat ng mga tulay, kailangan may maintenance 'yan, major maintenance 'yan every three years. Bago ka mag-maintenance, pupuntahan mo, titingnan mo ano 'yung sira, ano 'yung kailangan, ano 'yung aayusin, bawat span titingnan mo.

Nagulat ang aming mga engineers, sabi nila, "Malala na pala ito." Dahil 'yung maintenance sa nakaraang ilang dekada hindi naman ginawa.

Sabi ko, "Bakit? Wala bang record 'yan?"

May record naman. Lahat nung job order completed. Pero tingnan mo, puro kalawang. Hindi nila ginawa.

'Pag tinanong ko na naman 'yung mga local, sabi nila, "Hindi namin nakikita 'yung mga engineer na nag-aayos niyan. Never namin sila nakita, ngayon lang sila dumating."

Now, we had to take the emergency measures na private vehicles lang. So, what did we do? Nag-RoRo tayo.

Ang schedule namin dapat by December, before the end of the year, ang puwede nang gamitin na sasakyan hanggang 12 tons.

**MS. COSIM:** So, kakayanin po by the end of the year 'yung 12 tons?

**PRESIDENT MARCOS:** 'Yan, that's another one na ano – that's a test. Sabi ko 'pag hindi niyo natapos 'yan, tatanggapin ko 'yung resignation niyo.

**MS. COSIM:** Siguro po mensahe natin sa mga kababayan natin na pinakaapektado nito – ang mga kababayan natin sa Leyte at Samar, ano po ang mensahe niyo sa kanila?

**PRESIDENT MARCOS:** Well, sorry na nangyari ito at alam ko 'yung nararanasan ninyo, nararanasan ng ating mga transport operators, ang nararanasan ng ating mga negosyante.

Kaya't aasahan ninyo talagang minamadali namin na maayos kaagad ito. And we'll make sure that you will be safe. We will bring the services of San Juanico back to normal.

**MS. COSIM:** Galing po kayo ng Siquijor. Punta ako, biyahe tayo pabalik ng Maynila. Kasi recently po, sumakay kayo naman ng MRT.

Kung kayo po ay regular commuter, kung araw-araw ho kayong commuter, mararamdaman niyo ho sigurado 'yung siksikan, delay, at init.

Hanggang kailan po ba nga magtitiis po ang taong-bayan, Mr. President?

**PRESIDENT MARCOS:** Well, first of all, hindi 'to first time na sumakay ako ng MRT. Madalas naming gamitin 'yung MRT dahil sa traffic. Mas mabilis eh.

So, kami, 'yung pamilya ko, 'yung mga kaibigan ko, pagka hindi praktikal na mag-traffic, magdadalawang oras ka hanggang Cubao, eh sabi namin mag-MRT tayo.

Naramdaman ko 'yan minsan sumakay kami ng MRT, ang gulat – talagang pagka nakapasok ka na, basta't 'yung kamay mo nandito, hindi mo na magagalaw 'yun.

So, kausap ko 'yung mga…

**MS. COSIM:** Ganyan ang –

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, tapos nakadikit ka ng ganito. Kinakausap ko 'yung mga pasahero sabi, "Sir, ganyan talaga 'yan araw-araw."

Alam ko napakainit, napaka-crowded – 'yung init okay pa lang 'yun, wala namang problema pawisan nang kaunti. Pero 'yung sikip at saka 'yung hirap. Tapos 'yung pag – kahit na 'yung mga security check dati, kung ano ng – nagkaka-delay.

Kaya tinanggal namin lahat. Tapos cashless payment na. Tapos 'yung 1+3 na ginawa namin para sa pamilya.

And we are studying na 'yung estudyante, mabigyan ng malaking diskwento. Kasi I said, everywhere I go, ang senior at saka student, may diskwento malaki, 50 percent ganoon.

**MS. COSIM:** Kasi ngayon, 20 percent ang ina-apply po ngayon.

**PRESIDENT MARCOS:** Oo, oo.

**MS. COSIM:** So, gusto niyo mas malaki?

**PRESIDENT MARCOS:** Mas malaki kasi 'yan ang – those are the sectors of government – of the society na hirap sa cash.

Estudyante, walang pera ang estudyante usually. 'Yung mga matatanda, kakaunti lang ang hawak nilang pera.

So, bakit pa natin pababayarin? They already served the country na nagtrabaho sila ng buong buhay nila, eh dapat naman bigyan natin nang kaunting benepisyo ‘yun ‘di ba?

Pinahaba natin ‘yung tren. Dadalasan natin ‘yung pag-ano ng tren. Ngayon, those are the – those are the things that we can do immediately.

Of course, we have the very big projects also. We have the subway project. We will be able to open it – na umabot na sa Valenzuela. We have the extension of the MRT.

So, but these are long-term projects. But they will come, they will come. They will start – we will start to see the completion of some of the phases by late this year, next year.

**MS. COSIM:** 3+1, marami pong natuwa doon. Ewan ko kung may nakarating na po sa inyo na may mga umaapela, baka naman gustong gawin na every day na? Sabi ko hindi kaya –

**PRESIDENT MARCOS:** ‘Yung [1+3]?

**MS. COSIM:** Opo.

*[laughs]*

May – nakarinig po – may na-interview po kami na maganda po ‘yan, malaking tipid po sa amin. “Araw-araw ba ‘yan?” “Ay hindi po.”

**PRESIDENT MARCOS:** Hindi, Linggo lang, Linggo. Kasi ang ano namin, Linggo is a family –

**MS. COSIM:** Family day.

**PRESIDENT MARCOS:** – is a family day. So, that’s what we are trying to encourage.

**MS. COSIM:** Puntahan ko naman po ang NCAP. Marami po ang nagagalit or naiinis at pumupuna sa pagpapatupad muli nito, nitong No Contact Apprehension Policy dahil ang sinasabi po ay nangyayaring gatasan.

Hindi rin po kasi magaan ano ‘yung babayaran mo, nasa isang libo din ‘pag ikaw ay natikitan po. Pero ano ho ba ang gusto niyo dito? Ito ba ay sinusuportahan niyo? Ipagpapatuloy ba ito? Or iniisip niyo – pinag-iisipang itigil din muna at pag-aralan pa?

**PRESIDENT MARCOS:** In principle, agree ako diyan sa no contact. Agreed ako diyan. Maganda ang layunin niyan.

Ang layunin niyan is ‘yung traffic ano – ‘yung masundan ang rules of the road na hindi tayo kung ano-ano ‘yung ginagawa natin.

And then, bawas ‘yan sa korupsyon kasi…

**MS. COSIM:** Taliwas sa sinasabi ng iba na ginagawang gatasan?

**PRESIDENT MARCOS:** Para sa akin, it will be the opposite kasi – magsabi na tayo ng totoo, ‘pag hinuli ka ng pulis, “Lisensya mo.”

**MS. COSIM:** May nakadikit doon sa lisensya.

**PRESIDENT MARCOS:** Oo. May nakasiksik na doon sa lisensya mo mga dalawang daan, limang daan. Baka malaki na. “Mag-ingat ka, huwag mo nang uulitin.” Pero nasuhulan mo na.

Ito, it will be based solely kung ano ‘yung nasa picture. Magbabayad siya ng multa. Hindi binibigay sa kahit na anong tao. It’s straight to the system.

**MS. COSIM:** Puntahan ko po ‘yung EDSA Rebuild, ‘yung rehabilitation. Lahat kami naghahanda na, iniisip na kung saan dadaan. Iyong iba ang sinabi doon sa may mga e-vehicle o hybrid, sana all, kasi exempted sila. Then, you announced hindi muna matutuloy.

Bakit niyo po pinatigil muna or hindi muna itinuloy ang rehabilitation ng EDSA?

**PRESIDENT MARCOS:** Hindi ko matanggal-tanggal sa pag-iisip ko ‘yung nasa kotse ka, nasa EDSA, makikita mo alas dose na ng gabi, ang haba pa ng pila naghihintay ng bus.

Tapos ‘yun pag-uwi nun, gigising ng alas kwatro ‘yun, maghihintay na naman ng bus para makapasok ng alas syete, alas otso.

Iyon na nga, sinasabi ko hindi puwedeng ganyan. Nakapahirap na, dadagdagan pa natin ng kahirapan.

Sabi ko siguro naman may mga bagong sistema diyan na hindi natin kailangan isara o kung ‘yung gagawin ay hindi dalawang taon.

So, sabi ko, itigil muna natin. Pag-isipan natin mabuti. Hanap tayo ng bagong teknolohiya. There are new technologies.

And so, I’m very happy with my decision kasi mukhang kakayanin na hindi dalawang taon. Two years ng pagdudusa. Hindi mo naman puwedeng gawin sa tao ‘yun.

**--- END ---**